ISSN 2672-2879

# CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones
Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 3 Blg. 2 | Marso-Abril 2021

www.pcc.gov.ph
Department of Agriculture-Philippine Carabao Center
pccoed2021@gmail.com



Sumisiklab na ALAB-Karbawan sa Mindanao 8




Huwarang Juana
#OneDARfulJuana 5

# Karne ng kalabaw, tampok sa Filipino Food Month

Ni **Chamanei Elias**

**DA-PCC NHQGP—***Itinampok ng DA-PCC ang Kardeli o mga produktong gawa sa de-kalidad na karne ng kalabaw bilang bahagi ng pagdiriwang ng Filipino Food Month o Buwan ng Kalutong Pinoy 2021. Ipinalabas ito sa Caralutuan food vlog series sa opisyal na Facebook page ng DA-PCC.*




Ang Kardeli ay nagmula sa mga salitang Ingles na carabao's meat at delicacy. Ito ay kumakatawan sa masustanya, natural at sariwang karne na nagmumula sa mga kalabaw na dumaan sa maayos, malinis at masistemang produksyon.

Kasama ang Kardeli sa Meat Development Program ng DA-PCC sa pagtutulungan ng Product Development and Innovation Section (PDIS), Animal Breeding and Genomics Section (ABGS), Production Systems and Nutrition Section (PSNS) at Carabao-Based Enterprise Development Section (CBEDS). Kasama sa

*Sundan sa p.7*

## DA-PCC sa Cagayan pasado sa unang pagtatasa ng GAHP certification

Ni **Steven Marx Tangonan**

***DA-PCC sa CSU*** *— Pumasa ang DA-PCC sa Cagayan State University (DA-PCC sa CSU) sa ikatlong yugto ng rehiyonal na pagtatasa para sa Good Animal Husbandry Practice Certification o GAHP ng DA.*

*Sundan sa p.3*

Layunin ng GAHP na siguraduhin at panatilihin ang kaayusan at kalinisan sa pagpapalaki at pag-aalaga ng mga hayop na isa sa mga pangunahing pinagkukunan ng protina bago ito ipamahagi at ipamili sa iba't ibang pamilihang bayan. Sinisigurado nito na nasa maayos na kundisyon ang mga nangangalaga ng mga hayop at napapangalagaan ang kalikasan samantalang isinasagawa ito.

## Pagpapaunlad ng CDP sa 'New Economy'

Ni **Chamanei Elias**

*Patuloy ang serbisyo ng DA-PCC sa pagpapaunlad ng estado ng pagkakalabawan sa makabagong ekonomiya ngayong panahon ng pandemya.*

Sa ika-28 nitong anibersaryo, binigyang-diin ang mga layunin upang mas mapaigting ang pagpapatupad ng Carabao Development Program (CDP) na pinapatnubayan ng OneDA masterplan.

Layunin nitong palakasin at pagsabayin ang mga hakbangin sa pagpapaunlad ng carabao industry value chain. Binibigyang-diin din nito ang mga estratehiya sa pakikipag-ugnayan sa mga lokal na pamahalaan, academic community, at mga pribadong sektor.

*Sundan sa p.2*

# Cara-Aralan sa Niyugan, patuloy sa pagbibigay aral

Ni **Aliana Bianca Baraquio**

***DA-PCC sa UPLB** — Sunud-sunod na sinimulan ang Coconut-Carabao Development Project (CCDP) Cara-Aralan sa Niyugan sa Sariaya at Tayabas, Quezon na pinangungunahan ng DA-Philippine Carabao Center sa UPLB (DA-PCC sa UPLB), at DA-Philippine Coconut Authority (DA-PCA).*

Naglalaan ng isang araw kada isang linggo para sa pagsasagawa ng pagsasanay. Ang bawa't session ng Cara-Aralan sa Niyugan ay may practical exercises at sharing of lessons learned sa pagtatapos ng bawa't itinakdang aralin. Mahigpit namang ipinatutupad ang Covid-19 health and safety protocols sa bawa't sesyon.

Nahahati sa apat o limang grupo ang mga kalahok. Nagsisimula ang sesyon sa isang maikling pagsusulit tungkol sa nakaraang paksa. Susunod ang mga aktibidad na may kaugnay naman sa paksang tatalakayin sa araw na iyon. Magsisimula ang leksyon sa pamamagitan ng pagtuturo ng eksperto o panonoorin ang audio visual prensentation na inihanda ayon sa paksa. Susunod ang diskusyon tungkol sa mga katanungan, komento, o suhestyon ng mga kalahok. Hinihingan din ang mga kalahok kung anong natutunan at kahalagahan ng paksang natalakay. May practical activity din na isinasagawa sa ilang mga paksa upang mas lalong maintindihan ng mga kalahok ang paksang tinalakay. Panghuli ay ang take home activity kung saan na nila i-aapply ang mga paksang tinalakay sa kanilang mga alagang kalabaw.

"Malaking tulong ang programang ito ng DA PCC at DA PCA. Bukod sa marami kaming natututunan ay nag-eenjoy pa kami. Marami pong salamat sa mga facilitators at sana'y patuloy pa ang mga ganitong programa," ani Haydee Ong, isa sa mga kalahok mula sa bayan ng Tayabas.

Pinayuhan naman ni Ginoong Rommel Deapera ng Provincial Government ng Quezon ang mga magsasaka at magkakalabaw na isapuso, isagawa at suportahan ang programa upang mas maparami pa ang mga crossbreed na kalabaw.

"Mahalin natin ang mga kalabaw. Magtanim ng tamang pakain para sa ating mga alaga upang bigyan din tayo ng malaking balik, biyaya, at benepisyo," dagdag ni Deapera.

Inaasahang magsisimula rin ang Cara-Aralan sa Niyugan sa Mindoro sa mga bayan ng Bansud, Gloria, at Bongabong.

*Mahigit-kumulang 30 na mga magsasaka at magkakalabaw sa bawa't bayan ang patuloy na nakikiisa sa programang ito. Nagsimula sa bayan ng Mauban, Tayabas noong ika-4 ng Pebrero na inaasahang magtatapos sa huling linggo ng Hulyo. Nagsimula naman noong ika-16 ng Marso ang sa Sariaya na magtatapos sa ikalawang linggo ng Setyembre.*



## Pagpapaunlad ng CDP... *Mula sa p.1*

Sa kabuuan, ang plano ay upang mapagtagumpayan ang mga hamon ng pandemya at matulungang maiangat ang antas ng pamumuhay ng mga magsasaka.

Isang virtual program gamit ang Facebook live streaming na sinubaybayan ng mga carapreneurs, kasosyo, at mga panrehiyong sangay ng DA-PCC ang isinagawa noong Marso 29 para sa anibersaryo ng ahensya.

Iniulat ni Dr. Ronnie Domingo, DA-PCC OIC Executive Director, ang mga pagsisikap ng ahensya sa gitna ng kalamidad at pandemya tulad ng operasyon sa pagsagip ng mga hayop noong pagputok ng bulkang Taal, pag-ikot ng Kadiwa Buffalo Milk on Wheels, at ang pagpapakilala ng mga bagong teknolohiya na binuo upang mapabuti ang mga sistema ng pamamahala at produksyon ng mga magkakalabaw.

Kasama sa mga prayoridad na programa ang Dairy Roadmap mula 2020 hanggang 2025 (katuwang ang National Dairy Authority), proyektong PL480 na may pondong Php512M, katuwang ang mga pribadong stakeholders, ang Carabao-based Business Improvement Network (CBIN), Coconut-Carabao Development Project, at ang School-based Milk Feeding Program na pinangungunahan ng Department of Education (DepEd) at Department of Social Welfare and Development (DSWD). Ang mga ito, aniya, ay mga inisyatibong bukod pa sa mga regular na aktibidad sa ilalim ng tatlong sangkap ng CDP: ang Genetic Improvement Program, Carabao-Based Enterprise Development Program, at Research for Development.

Nagsilbi namang pangunahing tagapagsalita si Gov. Arthur Yap ng lalawigan ng Bohol. Ang hamon niya sa ahensya ay samantalahin ang pagkakataon sa pagpapalakas at pagtulong sa mga lokal na magsasaka at mangingisda upang mapanatili ang seguridad ng pagkain sa pamamagitan ng kalabaw hindi lamang bilang isang tradisyunal na kasa-kasama sa pagsasaka nguni't bilang instrumento rin para sa masaganang ani at mataas na kita mula sa mga produkto nito.

Hinimok ni Gov. Yap ang ahensya na tiyakin na ang iba't ibang presyo ng mga bilihin tulad ng pagkain ay abot-kaya pa rin ng karaniwang mamimili.

"Ito ang tanging paraan upang makabalik ang ating ekonomiya na ang pagkain ay sapat at mabibili sa abot-kayang halaga. Ito ay bahagi ng solusyon upang labanan ang krisis na ito," aniya.



## DA-PCC sa Cagayan... *Mula sa p.1*

Nito lamang Marso 16 ay bumisita ang mga kawani ng DA upang suriin ang mga imprastraktura ng DA-PCC sa CSU farm na matatagpuan sa Piat, Cagayan. Kanilang sinuri ang iba't ibang pasilidad nito kabilang na ang quarantine facility na pinaglalagyan ng mga bagong dating na hayop, isolation facility na para sa mga may sakit na hayop upang hindi na kumalat pa ang mga naturang sakit sa loob ng farm, at ang milking parlor kung saan ginagatasan ang mga kalabaw.

Sinusuri din nila ang mortality pit na nagsisilbing tabunan o libingan ng mga namatay na kalabaw. Sumailalim din sa pagtatasa ang biogas facility kung saan ay inirerecycle ang mga dumi ng hayop at iba pang basura upang gawing natural gas o fuel. Kasunod nito ay kanilang sinuri ang vermi house na pinagkukunan ng natural na pataba o ang vermicast na mas mainam gamitin sa mga halaman at tanim hindi tulad ng mga kemikal na pataba na maaaring magdulot ng pagkasira ng lupa at mga organismong naninirahan dito.

Sa kasalukuyan, may 13 na farm sa buong bansa ang nagawaran na ng sertipikasyon ng GAHP. Layon ng DA-PCC sa CSU na mapabilang sa listahan ng mga kwalipikadong ahensya at farm upang makasiguro, hindi lamang ang mga kliyente nito kundi pati rin ang mga magsasaka at mamimili, na malinis at maayos ang mga pamamaraan ng pangangalaga sa mga kahayupan na nanggagaling sa farm ng ahensya.

Ang DA-PCC sa CSU ay nagpapasalamat sa patuloy na pagsuporta ng mamamayan at mahusay na pamamalakad ng mga namumuno at empleyado ng ahensya. Nakarekomenda na sa sentral na ahensya ang PCC sa CSU para sa gagawing inspeksyon ng mga kinakailangang dokumento at pasilidad bago tuluyang magawaran ng sertipikasyon. Kung papalarin, ito pa lamang ang kauna-unahang pasilidad ng DA-PCC na magagawaran ng GAHP certification sa buong PCC network.




Nangako naman siya na ang lalawigan ng Bohol ay handa at patuloy na kabalikat ng DA-PCC sa pagkamit ng mandato nito.

"Anuman ang mangyari sa bansang ito, mananatili tayong isang bansa sa kanayunan at dapat nating ipagmalaki iyon. Dapat nating ipagpatuloy ang pagprotekta sa ating mga magsasaka at mangingisda at mangyayari lamang ito sa pamamagitan ng agham, teknolohiya, at pagpapataas ng kalidad ng ating mga produkto," pagtatapos ni Gov. Yap.

Sa mensahe rin ni Senador Cynthia Villar, Senate Committee Chair ng Agriculture, Food and Agrarian Reform, pinayuhan niya ang ahensya na magtrabaho para mapabuti ang kalagayan sa pag-unlad ng sektor ng pagawaan ng gatas ng bansa tungo sa pagpapababa ng kahirapan, pagtaas ng kita ng magsasaka, at mapabuti ang nutrisyon ng mga bata.

Hinimok ng mga haligi ng CDP na sina Dr. Libertado Cruz at Dr. Arnel Del Barrio ang DA-PCC na manatiling matatag laban sa lahat ng mga pagsubok sa gitna ng pandemya at ipagpatuloy ang pagiging isang katalista tungo sa pagbabago at malinaw na mga solusyong mapakikinabangan ng libu-libo pang mga pamilyang magsasaka. Diin nila, ang mga inisyatibong mapakikinabangan ay dapat base sa agham at pinatibay ng pakikipagsosyo sa iba't ibang ahensya.

Ang limang bagong mga video sa serye ng Knowledge Brokerage, Guidance, and Advisory Network (KBGAN) ng Knowledge Management Division (KMD), na pinamumunuan ni Dr. Eric Palacpac ay napanood din sa virtual na programa. Nagtatampok ang mga video ng KBGAN ng mga teknolohiya at pinakamahusay na pamamaraan sa pamamahala, pag-aalaga at paggawa ng mga produkto gamit ang kalabaw.

Kinilala rin ang mga bukod-tanging empleyado na nakapagbigay ng mga importanteng kontribusyon sa ahensya at binigyang halaga ang mga #OneDArfulJuan at #OneDArfulJuana sa iba't ibang rehiyon bago magtapos ang programa.

"Matagumpay na naisakatuparan ang mga programa ng DA-PCC nang dahil sa patuloy na paglalaan ng pondo ng gobyerno para sa pananaliksik. Patuloy kaming nakikipagtulungan sa mga lokal at internasyunal na ahensya upang lalo pang umangat ang ating industriya ng pagkakalabaw."

**Dr. Ronnie Domingo**
DA-PCC OIC Executive Director

# GAD CORNER

## Pagbibigay-pugay sa lakas-kababaihan

Ni **Ma. Cecilia Irang**

***DA-PCC NHQGP —*** *Nakiisa ang DA-PCC sa pagdiriwang ng buwan ng kababaihan na may temang: "We Make Change Work for Women: Juana Laban sa Pandemya: Kaya!".*

Sa ginanap na programa noong Marso 1, binigyang-diin nina Deputy Executive Director for Production and Research Dr. Claro Mingala at Research and Development Division Officer-In-Charge Dr. Eufrocina Atabay ang kahalagahan ng malawakang gampanin sa pamayanan ng mga kababaihan bilang "innovators" at "changemakers".

Nagbigay ng pangkalahatang ideya si Sonia Pol, focal person ng DA-PCC para sa gender and development (GAD), tungkol sa tema at kampanya ng selebrasyon. Aniya, ang lundo ng tema para sa taong ito ay ang pakikilahok ng mga kababaihan sa pagsugpo ng pandemya at ang pagtalakay sa mga isyung pangkasarian na pinalala ng COVID-19.

Ibinahagi rin niya ang mga aktibidad ng ahensya na nakalinya para sa selebrasyon, na naglalayong ipaalam at isali ang mga kababaihan bilang stakeholders ng mga programa at serbisyo ng gobyerno; maglikha at mag-organisa ng mga plataporma para talakayin ang mga pinagbuting pamamaraan, mga isyu, mga hamon, at mga pagsisikap sa pagpapaigting ng GAD; at hikayatin at palakasin ang mga kababaihan na maging daan at instrumento ng pagbabago.

Kaugnay ng pagdiriwang, magsasagawa ng mga aktibidad ang DA-PCC's Gender and Development Focal Point System (GFPS) kagaya ng Virtual Forum at Sharing of Experiences and Innovations ng #OneDARfulJuana at #OneDARfulJuan at mga webinars tungkol sa Gender Sensitivity Orientation, Gender Fair Communication and Language, at GAD legal mandates na lalahukan ng mga miyembro ng DA-PCC's GFPS sa lahat ng tanggapan ng ahensya sa buong bansa at mga interesadong empleyado.

Nakibahagi rin ang mga kawani ng DA-PCC sa #PurpleMondays sa pamamagitan ng pagsusuot ng mga damit o palamuti na kulay lila (purple) upang ipakita ang kanilang suporta sa pagsusulong ng gender equality at women's empowerment (GEWE).

Ang lila ay kilala bilang kulay ng kababaihan na sumisimbolo sa hustisya at dignidad.

## Gender mainstreaming patuloy na isinusulong

Ni **Ma. Cecilia Irang**

***DA-PCC NHQGP*** *— Nagtipon ang mga miyembro ng Gender and Development (GAD) Focal Point System (FPS) at technical working group (TWG) ng DA-PCC habang sinusunod ang itinakdang health and safety protocols upang suriin ang antas ng pagsisikap ng ahensiya sa pagsusulong ng GAD gamit ang Gender Mainstreaming Evaluation Framework (GMEF) tool.*

Nagsilbing tagapagpadaloy sina GAD Focal Person Aimee Fulgencio at outgoing GAD Focal and TWG Lead Sonia Pol ng nasabing workshop na ginanap noong Abril 21 sa DA-PCC National Headquarters and Gene Pool sa Science City of Munoz, Nueva Ecija. Sakop ng gagawing pagtatasa para sa GMEF ng DA-PCC ay ang mga aktibidad ng ahensya kaugnay sa GAD mula 2018 hanggang 2020.


Habang tinatasa ng grupo ang bawa't tanong sa organizational assessment questionnaire, may mga dokumentong nagpapatunay na natutugunan ng ahensya ang mga pamantayan ng GMEF. Kinabibilangan ito ng pangunahing bahagi nito na kinapapalooban ng Policy, People, Enabling Mechanisms, at Programs, Activities, and Projects.

Ang resulta ng inisyal na pagtatasa at mga angkop na dokumento para rito ay isusumite sa Philippine Commission on Women sa Mayo 3 para sa balidasyon.

Pagkatapos ng workshop, naglatag din ng kani-kanilang plano at aktibidad ang grupo para sa mga susunod na taon upang makagawa ng mga polisiya at programang gender-responsive sa layuning mas maging gender-sensitive na institusyon ang DA-PCC.



Gender Mainstreaming Assessment | Larawang kuha ni Ma. Cecilia Irang








# Huwarang Juana
## #OneDARfulJuana

Nina **Chamanei Elias at Leinefe Aton**

*"Di nato himoong rason ang pagka-baje. Ang importante nga makatabang ta sa atong bana (Huwag nating gawing dahilan ang pagiging isang babae, ang importante nakakatulong tayo sa ating asawa sa paghahanap buhay)."*

*Gng. Grace Boyles*
*Carapreneur*

***DA-PCC sa USF —*** *Si Grace G. Boyles ay isang kumpirmadong kampeon na maggagatas. Kasapi siya sa San Jose Dairy Buffalo Producers Association, kumpol ng Bohol Dairy Cooperative. Minsan na niyang naranasan ang buhay sa Maynila bilang isang kasambahay. Ang kaniyang hindi kanais-nais na karanasan at pananabik sa pamilya ang nagtulak sa kaniyang magbalik-bayan na naging dahilan upang mahanap niya ang tagumpay sa paggagatas.*

Ang hangarin niyang makaahon sa hirap ng buhay ang nagtulak sa kaniya upang sumali sa orientation-seminar on dairy buffalo production na isinagawa ng DA-PCC. Taong 2005 noong naging miyembro siya ng Mabini Dairy Multipurpose Cooperative (MADAMCO) at nabigyan ng dalawang American Murrah buffaloes. Makalipas ang limang taon, nagsimula na siyang makakuha ng 4 litro ng gatas mula sa mga ito na binibili ng DA-PCC noon sa halagang Php45 kada litro. Ito ang pinagmumulan ng kanilang kita na Php5,000 kada buwan. Sa mga panahong iyon, nag-iisa pa lang na babaing maggagatas ni Grace sa kanilang grupo.

Nguni't hindi naging madali ang pagsisimula niya sa paggagatas. Ilang ulit din siyang umiyak dahil labag sa kalooban ng kaniyang asawa ang kaniyang paggagatas. Gayunpaman, hindi naisip ni Grace na sumuko.

Dahil sa determinasyon niya sa paggagatas, nakatanggap muli siya ng mga karagdagang pang kalabaw mula sa DA-PCC. Mula sa dalawa, ngayo'y mayroon na siyang 20 na kalabaw na nagbibigay sa kaniya ng Php27,000 na buwanang kita. Nakumbinsi na rin niya ang kaniyang asawa sa paggagatas at naipaayos ang kanilang lumang bahay. Tinutulungan din niya ang kaniyang mga kapatid sa pagpapaaral sa kaniyang mga pamangkin. Marami na rin siyang natulungan at nabigyan ng trabaho sa mga ito sa kaniyang kalabawan.

Isa siya sa mga kasosyo ng DA-PCC sa USF sa pagsasanay tungkol sa paggagatas kung saan mismong sa farm niya nagsasanay ang mga kalahok upang masubukan nila ang kumpletong proseso ng paggagatas. Para kay Grace, ang pagiging isang babae ay hindi hadlang para makamit ang tagumpay.

# Dairy Box binuksan sa Zambo

Ni **Dorie Bastatas**

***DA-PCC sa MLPC —****Inilunsad noong Marso 2 sa Dumalinao, Zamboanga del Sur ang Dairy Box, isang proyekto na nabuo sa pakikipagtulungan ng mga iba't ibang kagawaran.*

Matagal nang kilala sa "road ice cream" ang Dumalinao. Ito ang naging tampok sa kamakailan ay nagbukas na Dairy Box sa nasabing lungsod. Magsisilbi itong ice cream parlor na magbabantayog sa sikat nilang sorbetes. Ang gawain ay naging posible sa pakikipagtulungan ng DA-PCC sa Mindanao Livestock Production Center (DA-PCC sa MLPC), Local Government Unit ng Dumalinao, Baclay Multi-Purpose Cooperative (BMPC) at Women Empowerment Movement - Rural Improvement Club (WEMRIC).

Iba't ibang klase pa ng produktong gawa sa gatas ng kalabaw ang mabibili sa Dairy Box tulad ng pastillas, yogurt at pasteurized milk.

Ang outlet ay nagbebenta ng soft ice cream, sariwang gatas, gatas na may iba't ibang flavors, mga lokal na gulay, cakes at pastries, at iba pa.

"Sa proyektong ito maaabot ang ating mga pangarap hindi lamang para sa munisipalidad kundi pati na rin sa mga pamilyang maggagatas," ani Mayor Junaflor Cerilles ng Dumalinao.

Ipinagmamalaki naman ni Dr. Cecelio Velez, Center Director ng DA-PCC sa MLPC, ang Zamboanga del Sur sa pagkakaroon ng isang outlet na maaaring maging puntahan ng mga tao upang mas lalo pang makilala ang gatas ng kalabaw.

"Ang nais natin ay hindi lamang upang madagdagan ang produksyon ng agrikultura nguni't upang mapayaman din ang ating mga magsasaka," dagdag din ni Dr. Ronnie Domingo, OIC Executive Director ng DA PCC.

Ang lupa, gusali at mga tauhan na magiging operator ng outlet ay nagmula sa LGU. Samantala, ang pagpapahusay ng istraktura ng pagawaan ng gatas, mga freezer at chiller ay nagmula sa DA-PCC sa MLPC.

Ang proyektong ito ay bahagi ng ALAB-Karbawan na pinondohan ng opisina ni Senator Cynthia Villar, Senate Committee Chair ng Agriculture, Food, at Agrarian Reform. Nilalayon ng proyekto na matulungan ang mga magsasaka na makakuha ng karagdagang kita at sila mismo ang mamamahala sa pagpoproseso ng gatas.

Kabilang sa mga dumalo ang Carabao-based Enterprise Development Coordinator,Fe Emelda C. Academia, mga kawani ng LGU- Dumalinao, mga Board of Directors at mga magsasakang kasapi ng BMPC.

*Ang Dairy Box ay magsisilbing market outlet ng mga produkto ng mga magsasaka tungo sa mas magandang kita. Ang pamamahala ng outlet ay sasailalim sa WEMRIC na pinamumunuan ng presidente nito na si Dr. Evalyn Reyes.*

## Pagsasanay para sa mga bagong magkakalabaw

Ni **Charlene Corpuz**

*DA-PCCNHQGP— Patuloy sa layuning pagpapalago ng kaalaman at kabuhayan ang hatid ng DA-PCC sa mga magsasaka na nais lumahok sa proyekto nitong 25-dairy cow module.*

Isinagawa ang pagsasanay tungkol sa Social Preparation Training (SPT) o Panlipunang Paghahanda nitong Marso 11-12, 2021 sa munisipyo ng Gabaldon na nilahukan ng 20 magsasaka mula sa iba't ibang mga kooperatiba ng nasabing bayan.

Ang pagsasanay na ito ay isa sa mga pangunahing aktibidad na dapat lahukan ng mga magsasaka na nais makapag may-ari ng mga gatasang kalabaw.

Pinangunahan ang aktibidad ng DA-PCC Knowledge Management Division - Learning Events Coordination Section (LECS), National Impact Zone (NIZ) team, at Local Government Unit (LGU) ng Gabaldon.

Bagama't ang pangunahing ikinabubuhay ng mga kooperatiba sa lugar ay nasa pagtatanim ng mga gulay at palay, nakita nila ang malaking kapakinabangan ng kalabaw bilang pandagdag-kita lalo sa panahon kung saan tapos nang umani ng gulay o palay.

Naging sentro sa pagsasanay ang mga kaalaman tungkol sa mga pakain.

Ibinahagi naman ng lokal na pamahalaan ng Gabaldon ang pagkakaroon nila ng laan na pondo para sa pagbili ng mga karagdagan pang gatasang kalabaw na higit pang nagbigay ng kasabikan sa mga kalahok.

Bawa't kalahok ay sasailalim sa selection process na isasagawa ng NIZ team. Kabilang sa proseso ang pagsasagawa ng orientation, background investigation, farm ocular inspection, technical training on basic buffalo management, final evaluation at field validation bago ganap na maipagkatiwala ang mga gatasang kalabaw.

## DA-PCC kalahok sa 'One DA Adopt a Community'

Ni **Jeson Candole**

*DA-PCC sa CMU— Bilang bahagi ng "One DA Adopt a Community" project, ang mga magsasaka ng Sitio Kalhaan, Minalwang, Claveria, Misamis Oriental ay tumanggap ng 15 na native na kalabaw noong Abril 14.*

Nagbigay naman ang DA-Regional Field Office X ng 275 packs na 5-in-1 binhi ng gulay at 10 bags na sariwang binhi ng mais. Ang National Food Authority Region 10 ay nagbigay ng 30 packs ng bigas, 5 kilo bawa't pack, at 250 bote ng sariwang gatas mula sa National Dairy Authority Region 10. Gayundin, ang Philippine Coconut Authority Region 10 ay namahagi ng 150 pirasong punla ng niyog at 100 pirasong punla ng abaca mula sa Philippine Fiber Industry Development Authority.

Ang Bureau of Animal Industry-National Veterinary Quarantine Section ay nagbigay ng mga gamot at biologics para sa mga baka, mga sariwang prutas mula naman sa Bureau of Plant Industry-Plant Quarantine Service at mga food packs mula sa National Irrigation Administration.

Nangako rin ang DA- RFO X ng Php2 milyon na halagang solar powered irrigation system (SPIS) para sa irigasyon, maiinom na tubig at agri production input ng Sitio Kalhaan.

Layunin ng "One DA" na mapanatili ang suporta sa mga input agri production, livestock (kalabaw), coconut at abaca seedlings, tilapia fingerlings at feeds, aqua farm techno demo, forage planting material, extension support trainings at insurance sa mga lugar na nakikinabang sa mga pananim at produksyon ng mga hayop.

"Ang 'One DA Adopt a Community' ay makatutulong sa amin na masimulan ang kabuhayan tungo sa maunlad, produktibo at mapayapang pamumuhay. Alinsunod sa tradisyon ng aming kultura, at sa tulong ng DA, kami'y makapagtatanim na angkop sa aming klima at lupa. Sa paglago ng aming kabuhayan sa pagsasaka, mapagtatapos namin sa pag-aaral ang aming mga anak."

**Jofilo T. Pinaandel**
Pinuno ng IPMR ng Sitio Kalhaan



# Linggo ng magsasaka sa Iloilo

Ni **Mary Antonette Andarza**

***DA-PCC sa WVSU —*** *Nakibahagi ang DA-PCC sa West Visayas State University (DA-PCC sa WVSU) sa pagdiriwang ng 'Semana sang Mangunguma' or Linggo ng Magsasaka sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagsasanay sa Carabao Herd-Health Management na pinangunahan ni Dr. Myrtel C. Alcazar, Genetic Improvement Program Coordinator.*

Tinukoy din ni Janice H. Cuaresma, CBED Coordinator, ang patungkol sa carabao-based enterprise. Namigay din sila ng hygiene kits sa mga dumalong mga kababaihan bilang pagkilala sa mga magsasakang kababaihan na bahagi ng pagdiriwang ng International Women's Month. Ang naturang pagdiriwang ay ginagawa ng Calinog, Iloilo taun-taon sa buwan ng Marso. Pinangungunahan ito ng Municipal Agricultural Office at nilalahukan ng mga asosasyon ng mga magsasaka at mga piling ahensya ng gobyerno. Ang Linggo ng Magsasaka ngayong taon ay may temang, "Mangunguma maghugpong, COVID-19 atubangon. Bastante kag Masustansya nga Pagkaon padamuon, Organiko nga Pagpanguma padayunon, Kauswagan sang Banwa kag Ikaayong lawas Maangkon". [Magsasaka magkaisa, COVID-19 harapin, sagana at masustansiyang pagkain paramihin, organikong pagsasaka ipagpatuloy, kaunlaran ng bayan at malusog na katawan ay makakamit.]

Sa kaniyang mensahe, binigyang pugay ni Arn D. Granada, Center Director ng DA-PCC sa WVSU, ang mga magsasaka at lokal na pamahalaan ng Calinog.

"Pinupuri ng DA-PCC at WVSU ang mga magsasaka ng Calinog, dahil sa kabila ng pandemya na dulot ng COVID-19, patuloy silang nagsisilbi sa bayan. Dahil sa kanila ay 'di tayo nagutom sa panahon ng pandemya at pagbagsak ng ekonomiya. Darating ang araw na hindi na tayo kinakailangang umangkat ng pagkain mula sa ibang bansa dahil magiging sapat na ang ating produksiyon, sa tulong ng lokal na pamahalaan. Nawa'y ipagpatuloy ng bayan ng Calinog ang pagpupugay sa ating mga magsasaka, at nawa'y umunlad pa ang sektor ng pagsasaka sa bayang ito," aniya.

Ang programa ay nagtapos sa isang makabuluhang Milk Toast na sumisimbolo sa pangako ng bayan ng Calinog na isulong ang organikong pagsasaka at pagsuporta sa mga magsasaka. Dinaluhan ito nina Hon. Renato Magpantay, Sangguniang Bayan Member, Gelmina Cartel, Municipal Agriculture Officer, representante ni Hon. Francisco Calvo, municipal mayor ng Calinog Iloilo, at Marlon Cerbo, chairman ng Calinog Farmers Agriculture Cooperative.

# Tradisyunal na pagkaing Pinoy, pinasikat sa Negros

Ni **Eva Rom**

***DA-PCC sa LCSF —****Naging bahagi ang DA-Philippine Carabao Center sa La Carlota Stock Farm (DA-PCC sa LCSF) sa inisyatibo ng Slow Food Negros sa pagpapanatili ng mga tradisyunal na pagkaing pinoy sa pamamagitan ng aktuwal na pagtuturo ng pagluluto ng pastillas at dulce de leche na gawa sa gatas ng kalabaw ng DA-PCC sa LCSF.*

Ang aktibidad ay parte ng pagbubukas ng Slow Food Pop-Up Earth Markets sa Casa Gamboa Silay City at May's Organic Garden Kadiwa Market, Barangay Pahanocoy, Bacolod City noong Marso 20 at 27. Ang Pop-Up Earth Markets ay itinatag ng Slow Food Negros na dinaluhan ng mga ahensya sa gobyerno at pribadong organisasyon.

Ito ay sinasalihan ng ibat-ibang grupo ng magsasakang negosyante at mangangalakal sa sector ng agrikultura upang maitaguyod ang kanilang mga produktong de-kalidad at maipagbili sa patas na presyo.

Ang DA-PCC sa LCSF ay aktibong nakikilahok sa pagpapalaganap ng paggawa ng produkto mula sa gatas ng kalabaw upang madagdagan ang kaalaman sa paggawa ng mga tradisyunal na pagkain ang komunidad ng mga Negrense.

Isa na rito si Randy Pedroso ng Victorias Dairy Association (ViDA) na aktibong tinutulungan ng gobyernong lokal sa siyudad ng Victorias at isa sa mga sinusuportahan ng DA-PCC. Si Pedroso ay nakalikom ng kita mula sa paggawa ng flavored milk na mula sa gatas ng kalabaw.

Layon ng Slow Food Negros, isang international na organisasyon, na ipakilala ang mga tradisyunal na pagkaing Pinoy at magkaroon dito ng pantay-pantay na access ang mga mamimili samantalang pinananatili ang food safety at environmental protection.

# Karne ng kalabaw... *Mula sa p.1*

proyekto ang mga sub-program at aktibidad tulad ng breeding, pagpapakain, paggawa ng de-kalidad na mga produktong karne, at pagpapaunlad ng carabao enterprise.

"Matagal nang plano ang paglalabas at pagpapakilala ng Kardeli o produktong gawa sa karne ng kalabaw. Sa katunayan ay nailabas na ito sa merkado bago pa ang plano sa Meat Development Program. Ang PCC sa CLSU ay gumagawa na ng tapa, tocino, at papaitan habang ang PCC sa UPLB ay gumagawa ng 10 mga variants ng carabao meat sausage. Layunin ng proyektong gawing pangmatagalang programa ang Meat Development Program na naglalayong pormal na muling ipakilala ang karne ng kalabaw sa merkado," pahayag ni Patrizia Camille Saturno, Science Research Specialist II ng PDIS.

Sa nagdaang mga taon, ang ahensya ay nakatuon sa paggawa ng gatas kung kaya't nais din nitong maipatupad ang proyektong nakatuon sa produktong gawa sa karne ng kalabaw. Dagdag pa ni Saturno, nilalayon din ng proyekto na bumuo ng isang carabao's meat line kung saan ang mga kalabaw ay pag-aaralan at partikular na palalakihin para sa produksyon ng karne nito.

"Ayon sa mga pag-aaral at pananaliksik, ang karne ng kalabaw ay mas malambot at mababa ang kolesterol kumpara sa karne ng baka. Nais nating baguhin ang mga maling akala na ang karne ng kalabaw ay matigas at mababa ang kalidad. Kung makabubuo kami ng isang linya ng karne, makakagawa kami ng mas mataas na kalidad ng mga produktong gawa sa karne ng kalabaw para sa merkado," ani Saturno.

Itinampok ng ahensya ang mga pagkaing Pinoy gamit ang mga produktong Kardeli tulad ng pre-pack choice cut, gourmet sausages, at specialty quick meal sa buong buwan ng Abril, sa pamamagitan ng Caralutuan food vlog series na ipinalabas sa DA-PCC Facebook page.





*Abangan sa susunod na isyu:*

**Ugnayang DSWD, DA-PCC para sa Milk Feeding Program**

**iASK series patungkol sa Enriched Rice Straw (e-RS) para sa alagang kalabaw**



# Sumisiklab na ALAB-Karbawan sa Mindanao

Ni **Rodolfo Jr. Valdez**

**DA-PCC sa USM —** *Tiyak na mas magiging mainit at kilala ang kabuhayang hila-hila ng kalabaw sa isla ng Mindanao. Ito ay dahil sa patuloy na pagpapatupad ng DA-PCC sa pagpapalaganap ng programang Accelerating Livelihood and Assets Buildup o ALAB- Karbawan sa Timog at Gitnang Mindanao.*

Matatandaang limang coop-conduits ang nakikilahok sa programang ALAB-Karbawan. Ito ay ang Sta. Catalina Multi-Purpose Cooperative (SCMPC) sa North Cotabato, Highland Agricultural Credit Cooperative (HACC) sa South Cotabato, Inyam Pintuan Asbang Multi-Purpose Cooperative (IPAMCO) sa Davao del Sur, Linoan Farmers Integrated Cooperative (LIFICO) sa Davao de Oro, at Kalaparan Agrarian Reform Beneficiaries Association (KARBENA) sa Davao Oriental.

Sa ngayon, sinisimulan na ang pagpapatayo ng dairy processing center at marketing outlet sa limang kooperatibang kabakas ng ahensya sa pagsikad ng ALAB-Karbawan sa kani-kanilang probinsya.

"Ang paggagatas ay makatutulong sa inyo [carapreneurs] upang mag-generate ng source of income para sa inyong pamilya. Hangad ko na lalo nating mapahusay ang teknolohiya sa dairy industry. Ako ay umaasa na ang pagpapatayo ng dairy processing at marketing outlet ay makapag-aambag ng malaking kontribusyon sa pag-unlad ng dairy industry sa inyong lugar," ani Senator Cynthia Villar, chair ng senate committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform.

Isa rin sa pinagtutuunan ng DA-PCC sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) ay ang pagpapatupad ng emergency procurement sa ilalim ng R.A. 11494 o Bayanihan to Recover as One Act (Bayanihan 2) na kung saan naging mas madali ang pagbili at pagkumpleto ng 250 na babaing crossbreed na kalabaw na siyang pagkukunan ng gatas ng mga kooperatiba.

"Ang DA-PCC ay laging narito upang sumuporta sa inyo upang makamit ng bawa't Pilipinong maggagatas ang masaganang ani at mataas na kita" tugon ni DA-PCC OIC-Executive Director Ronnie Domingo.

Dagdag pa rito, mas pinaiigting pa lalo ng DA-PCC sa USM at mga partners nito ang pagbibigay ng mga serbisyong tugon sa isyung pangkalusugan at breeding.

"Sa unang taon ng programang ALAB-Karbawan, maraming balakid ang kinaharap nito. Sa kabila ng pandemya at mga problema, nananatiling kasing-tatag ng kalabaw ang pamahalaan upang maisakatuparan ang layunin nitong matulungan at mapaunlad ang buhay ng mga magsasakang maggagatas," ani DA- PCC sa USM Center Director Benjamin John Basilio.

Inaasahan na rin ang pag-alab ng programa sa Sarangani bilang karagdagang probinsyang kalahok sa programang ALAB-Karbawan.

"Napakalaking oportunidad para sa mga magkakalabaw ang proyektong ito. Hindi lang ang carapreneurs ang magpapaalab sa gawaing ito kundi maging tayo at mga kabalikat natin. Kaya hinihimok ko ang lahat na maging aktibo sa pagbibigay ng mga serbisyong kinakailangan upang makamit natin ang inaasahang kahihinatnan ng programa," dagdag pa ni Dir. Basilio.

Ang ALAB-Karbawan, pinatanyag na pangalan para sa programang Carabao-based Business Improvement Network (CBIN), ay naglalayong palakasin ang lahat ng stakeholders sa carabao value chain sa mga piling probinsya sa buong Pilipinas.

*Patnugutan*

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** CHAMANEI C. ELIAS
**Layout at Ilustrasyon** CHRISSALYN L. MARCELO
**Manunulat** MARY ANTONETTE G. ANDARZA, LEINEFE L. ATON, DORIE BASTATAS, ALIANA BIANCA BARAQUIO, JESON C. CANDOLE, CHARLENE C. CORPUZ, CHAMANEI C. ELIAS, MA. CECILIA C. IRANG, EVA C. ROM, STEVEN MARX B. TANGONAN, RODOLFO JR T. VALDEZ
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RALPH JOSH C. BALLADO
**Tagapayo** RONNIE D. DOMINGO

*CaraBalitaan*

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | ISO 45001

*Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.*